



Para sa mga magulang na gumagamit ng mga serbisyo na pinopondohan ng IRCC

ANG LAHAT TUNGKOL SA PANGANGALAGA SA MGA BAGONG DATING NA BATA (CARE FOR NEWCOMER CHILDREN - CNC)

Maligayang pagdating! Ang aming CNC program ay espesyal na dinisenyo para suportahan ang mga bata na kararating lamang sa Canada at ang kanilang pamilya habang kumukuha sila nga mga serbisyo na pinopondohan ng IRCC. Narito kami upang tumulong.

Alam namin na ito ay panahon ng mahirap na pagbabago para sa iyo at sa iyong pamilya. Ang layunin namin ay maramdaman ng inyong anak na tinatanggap siya, ligtas at malayo sa kapahamakan, habang sinusupportahan ang kanilang pag-unlad at pinatatatag ang kanilang tiwala sa sarili habang ang inyong pamilya ay naninirahan sa Canada.

KAPAG ANG BATA AY NASA CNC PROGRAM, ANG MGA MAGULANG AY DAPAT MANATILI SA LUGAR SA LAHAT NG ORAS

Wala nang ibang mas mahalaga kaysa sa kaligtasan ng inyong anak!

Makatitiyak kayo na ang aming mga kawani ay may sapat na kakayahan at karanasan.

- Ang lahat ng aming mga kawani ay sinuri ang pinagmulan/kriminal na rekord at may pagsasanay sa paunang lunas.
- Sumusunod kami sa mga kinakailangan sa CNC at sinusubaybayan upang matiyak na natutugunan namin ang mga pamantayan sa kalusugan at kaligtasan.
- Upang matiyak na ang lahat ng bata ay napapakitunguhan ng patas at may paggalang, mayroon kaming sinusunod na patakaran sa pag-uugali ng mga namamahala. Dapat pagtibayin ng mga tauhan ang mabuting pag-uugali sa positibong paraan. Ang pagpaparusa sa mga bata sa pamamagitan ng pisikal na pananakit o pagsasabi ng masasakit na salita ay ipinagbabawal maging ang pagpapabaya o kakulangan sa pagsubaybay.
- Ang mga kawani ay may propesyonal na tungkulin at legal na obligasyon upang iulat ang anumang sitwasyon kung saan may bata na maaaring sinasaktan o pinapabayaang ng mga angkop na awtoridad.

Huwag mag-atubiling humingi sa amin ng kopya ng aming patakaran sa pag-uugali ng mga namamahala o patakaran sa pinaghihinalaang pang-aabuso o kapabayaang sa bata kung may nais ka pang malaman.

Ano ang maaari mong asahan mula sa CNC?

Ang paraan ng pag-aalaga namin sa mga bata na nasa kabilang sa isang pangkat sa Canada ay maaaring iba kaysa sa inyong bansa. Kung mayroon kayong mga katanungan tungkol sa disiplina, pagkain, wika, edukasyon o mga karaniwang gawain, maaari kayong magtanong. Ipinakikita ng pananaliksik na ang mga bata ay natututo sa pamamagitan ng paglalaro, kaya ang mga kawani ay nagpapalano para sa mga gawain na pang-edukasyon, mga pag-aaral na natututunan sa pamamagitan ng paglalaro, upang umangkop sa mga interes, edad, kakayahan at kultura ng mga bata. Ang iyong anak ay masasanay na makisalamuha sa ibang bata at malinang ang kakayahan bilang paghahanda kapag sila ay mag-aaral na.

Paano mo matutulungan ang inyong anak na maiangkop ang kanyang sarili sa CNC?

Normal lamang sa isang bata ang magkaroon ng takot sa simula ng CNC. Ang mga kawani ay makikipagtulungan sa iyo upang ang transisyon ay maging mas madali pero sa simula, ang iyong anak ay maaring umiyak, kumapit sa iyo, o magpakita ng ibang pag-uugali. Para sa mga ideya kung paano matutulungan ang iyong anak na maging panatag, humingi ng kopya ng Para sa mga ideya kung paano tutulungan ang inyong anak na mawala ang kanilang takot, humingi ng kopya ng *Welcome to CNC: Ang Gabay Ng Magulang Sa Unti-Unting Paghihinalay*.

Ang komunikasyon sa pagitan ng mga magulang at kawani ay mahalaga!

Hinihikayat namin kayo na kilalanin ang aming kawani sa CNC at ibahagi ang impormasyon tungkol sa inyong anak. Kapag nagtulungan tayong lahat, mas mapapabuti natin ang suporta sa inyong anak at mas mapapanatili natin silang ligtas.

ANG LAHAT TUNGKOL SA PANGANGALAGA SA MGA BAGONG DATING NA BATA (CARE FOR NEWCOMER CHILDREN - CNC)

Siguraduhin na masasabi sa mga kawani ang tungkol sa:

- mga allergy o bawal na pagkain;
- mga sakit o gamot na iniinom ng inyong anak (kung maaari ay tandaan: ang gamot ay ipinapainom lamang sa mga sitwasyon na may pagbabanta sa buhay at hindi dapat iwanan sa inyong anak o sa kanilang bag);
- at sa espesyal na mga pangangailangan o hamon. Maaari silang makatulong!

Makakatulong din kung sasabihin sa mga kawani:

- ang iskedyul ng pag-idlip o pagpapakain sa inyong anak;
- mga hilig at paboritong pagkain ng inyong anak;
- mga salita na maaaring makatulong sa mga kawani na makipag-usap sa inyong anak;
- impormasyon tungkol sa pamilya at mga kapatid (o magdala ng litrato ng pamilya);
- at mga espesyal na pamamaraan kung paano mo inaalagaan ang inyong anak at kung ano ang inaasahan mo mula sa CNC.

Iba pang mga bagay na dapat tandaan:

- Para sa kaligtasan ng inyong anak, ang magulang lamang na rehistrado para sa mga serbisyo ang maaaring magdala at sumundo sa kanilang mga anak.
- Kailangan mong laging lumagda sa paglabas at pagpasok ng inyong anak.
- Damitan ang inyong anak na angkop sa panahon at para sa mga aktibidad na maaari nilang gawin sa programa. Kung mayroon kang mga katanungan tungkol sa kung ano ang dapat isuot ng inyong anak, tanungin ang kawani.
- Mahalaga na dalhin lagi ang inyong anak ng palagian upang mapanatili ang kanilang karaniwang gawain at ihanda sila sa paaralan. Kung kailangang lumiban ng inyong anak, ipaalam ito sa kawani.
- Kung may sakit ang inyong anak, hayaan silang manatili sa bahay upang maiwasan ang pagkalat ng sakit. Ang mga batang may lagnat o nagtatae ay hindi dapat nakikitaan ng sintomas sa loob ng bago sila ibalik sa CNC.

TUNGKOL SA AMING CNC PROGRAM

Pangalan ng Tagapag-alaga: _____

Caregiver's Name / Nom du dispensateur de soins

	Oo Yes / Oui	Hindi Non / Non
Kinakailangan na bakuna ng bakuna <small>Immunization required / L'enfant doit avoir été vacciné</small>	<input type="radio"/>	<input type="radio"/>
Nagbibigay kami ng mga meryenda <small>We provide snacks / Nous fournissons des collations</small>	<input type="radio"/>	<input type="radio"/>
Magdala ng pagkain para sa tanghalian/ meryenda ng inyong anak <small>Bring food for your child's lunch/snack / Apportez le déjeuner/la collation de votre enfant</small>	<input type="radio"/>	<input type="radio"/>
Ikaw ang bahala sa inyong anak sa tanghalian <small>You care for your child at lunch / Vous prenez soin de votre enfant au déjeuner</small>	<input type="radio"/>	<input type="radio"/>
Mayroon kaming oras ng pag-idlip <small>We have a naptime / Notre programme prévoit une sieste</small>	<input type="radio"/>	<input type="radio"/>

Mga Oras ng CNC: _____

Oras sa CNC / Heures de garde d'enfant

	Oo Yes / Oui	Hindi Non / Non
Magdala ng nakaaliw na laruan <small>Bring a comfort toy / Apportez un jouet réconfortant</small>	<input type="radio"/>	<input type="radio"/>
Magdala ng ekstrang damit <small>Bring extra clothes / Apportez des vêtements supplémentaires</small>	<input type="radio"/>	<input type="radio"/>
Magdala ng sapatos na pambahay <small>Bring indoor shoes / Apporter des chaussures d'intérieur</small>	<input type="radio"/>	<input type="radio"/>
Magdala ng kumot (kung kinakailangan) <small>Bring a blanket (if needed) / Apportez une couverture (si nécessaire)</small>	<input type="radio"/>	<input type="radio"/>
Magdala ng mga lampin (kung kinakailangan) <small>Bring diapers (if needed) / Apportez des couches (si nécessaire)</small>	<input type="radio"/>	<input type="radio"/>



PAGSUPPORTA SA PANGANGALAGA AT PANINIRAHAN
NG MGA BATANG IMIGRANTE

Para sa higit pang mapagkukunan ng magulang, bisitahin ang:
www.cmascanada.ca



Care for
Newcomer
Children